

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Ang Palengke ng Magsasaka ng Brampton ay magbubukas sa downtown Brampton na may mga pangkaligtasang pamamaraan simula Hunyo 27

BRAMPTON, ON (Hunyo 19, 2020) – Ang pinakaasam-asam na Palengke ng mga Magsasaka ng Brampton ay nagbabalik para sa ibang season, na may mga pangkaligtasang pamamaraan bilang tugon sa COVID-19.

Magbubukas ang Market sa mga Sabado mula Hunyo 27 hanggang Oktubre 24, 2020, mula 8 AM hanggang 1 PM sa downtown Brampton. Ang bagong oras ng pagsisimula ng palengke ay magpapahintulot ng ligtas na pag-set up sa kalye para sa pamimili.

Marami sa inyong mga paboritong magsasaka at mga vendor ang magbabalik para magbenta ng sariwang lokal na produkto at inihandang nakabalot na pagkain. Ang mga artisan craft at pagkaing inihanda sa site ay hindi magiging available. Ang kalusugan at kaligtasan ng komunidad ay ang unang prayoridad ng Lungsod sa panahon ng COVID-19 pandemic, at gagawin ang mga pangkaligtasang pamamaraan.

May patnubay mula sa Peel Public Health, ipapatupad ng Lungsod ng Brampton ang sumusunod na pangkaligtasang mga pamamaraan:

- Ang lahat ng vendor at customer ay inuutusang magsuot ng hindi medikal na mask o pantakip ng mukha habang nasa palengke
- Available ang mga station ng hand sanitizer sa buong palengke
- Ang tiyak na bilang ng mga bisita ay tatanggapin sa bahagi ng palengke nang sabay-sabay
- Magkakaroon lamang ng isang pasukan at isang labasan sa mga lugar ng pamilihan

Inirerekumenda ng Lungsod na tanging isang tao lamang mula sa isang sambahayan ang dadalo sa panahong ito sa palengke.

Hinihikayat ng Lungsod ang mga customer na panatilihin ang paglayo mula sa iba habang nasa palengke. Nangangahulugan ito na panatilihing dalawang metro (anim na piye) ang layo mula sa iba sa lahat ng oras, maliban kung sila ay bahagi ng iyong pangkat ng konektadong sampung tao, sa ilalim ng mga kautusan sa emerhensya ng lalawigan. Ang pagtitipon ng higit sa sampung tao ay ipinagbabawal sa ilalim ng mga kautusan sa emergency ng Lalawigan. Pinaalalahanan din ang mga customer na magdala ng kanilang sariling personal disinfectant, tulad ng hand sanitizer o wipes, hugasan nang madalas ang kanilang mga kamay at huwag hipuin ang kanilang mukha.

Para makatulong sa pagpapahusay ng pamimili hangga't maaari, makikita online ang isang mapa ng mga vendor www.brampton.ca/markets at nasa site sa mga araw ng pamamalengke.

Ang Palengke ng mga Magsasaka sa Brampton ay itinataguyod ng Algoma University sa taon na ito.

Mahigpit na nakikipagtulungan ang Lungsod ng Brampton sa mga partner nito sa Peel Public Health at sa Brampton Emergency Management Office para patuloy na subaybayan ang mga panganib. Bisitahin ang www.brampton.ca/covid19 para sa regular na mga update.

Mga Quote

“Labis tayong nasasabik na ianunsyo na ang Palengke ng mga Magsasaka ng Brampton, isang matagal nang ginagawang event sa downtown core ng ating lungsod, ay magbubukas para sa season sa Hunyo 27! Hinihikayat ko kayo na mag-enjoy at mamili sa palengke habang nakasuot ng mask, ginagawa ang paglayo mula sa iba at nagpapanatili ng mabuting kalinisan. Inaasam ko na tanggapin kayong mula sa palengke sa taon na ito.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

Ang Palengke ng “Mga Magsasaka ng Brampton” ay isang tradisyon sa ating komunidad, at inaasam kong makita itong buhay sa taon na ito. Maraming kahanga-hangang mga vendor ang nasa site at hinihikayat ko ang lahat na suportahan ang mga negosyong ito. Tiyakin lamang na sinusunod ang mga pangkaligtasang pamamaraan para masiguro ang pinakamagandang karanasan na posible para sa lahat.”

- *Gurpreet Dhillon, Rehiyonal na Konsehal, Wards 9 at 10, Lungsod ng Brampton; Vice-Chair, Pagpapaunlad ng Ekonomiya at Kultura*

“Habang nagbubukas ang Palengke ng mga Magsasaka ng Brampton, ang kalusugan at kaligtasan ng ating komunidad ang ating unang prayoridad. Mag-enjoy sa palengke, mamili hanggang sa gusto niyo, at sundin ang mga pangkaligtasang pamamaraan. Magkasama, mananatili tayong malusog, ligtas at masaya sa buong panahon na may palengke.”

- *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5, Lungsod ng Brampton; Vice-Chair, Pagpapaunlad sa Ekonomiya at Kultura*

“Seryosong hinaharap ng Lungsod ang kalusugan at kaligtasan ng komunidad, lalo na sa panahon ng COVID-19. Binubuksan natin ang Palengke ng mga Magsasaka ng Brampton na may patnubay ng Peel Public Health, at hinihikayat natin ang lahat na sundin ang nakahandang mga pangkaligtasang pamamaraan.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

“Ang Palengke ng mga Magsasaka ng Brampton ay isang malaking kaganapan sa downtown Brampton, at labis kong ikinagagalak na marinig ang magandang balita na ito. Ang isang hanay ng mga negosyo sa downtown Brampton ay mga vendor sa taon na ito, at hinihikayat ko ang mga residente at mga bisita na mamili ng lokal na produkto, manatiling ligtas, at suportahan ang ating magandang lungsod at downtown.”

- *Suzy Godefroy, Ehekutibong Direktor, Downtown Brampton BIA*

“Ang Palengke ng mga Magsasaka ng Brampton ay isang tradisyon na palaging ikinagagalak na salihan ng aking negosyo. Mahalaga ngayon, higit na magpakailanman, na mamili ng lokal na mga produkto ang mga bisita. Sa taon na ito, nasa palengke ako nagbebenta ng mga pastry, tinapay at mga

schnitzel sandwich. Mangyaring isagawa ang paglayo mula sa iba at ang mabuting kalinisan, para manatili tayong lahat na ligtas at mag-enjoy sa palengke.”

- Vera Krasavac, *May-ari, Queen Gypsy*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca